Humanities Diliman (January-June 2023) 20:1, 95-119

# Ang Estetika, Politika, at Ideolohiyang Pilipino sa Arkitekturang Filipino: Ang Kaso ng Ilang Antigong Bahay sa Malolos, Bulacan

# *The Filipino Aesthetics, Politics, and Ideology in Filipino Architecture: The Case of Selected Ancestral Houses in Malolos, Bulacan*

**Luis Alfonso M. Arcega**
**Christopher Bryan A. Concha**
**Ernesto V. Carandang II**
De La Salle University - Manila

## ABSTRAK

Sa kasalukuyan, karamihan sa mga pag-aaral na tumatalakay sa Arkitekturang Filipino ay nakatuon lamang sa pagsipat sa kasaysayan at estetika ng estruktura nito. Ngunit maliban sa pamanang historikal ng mga arkitekturang ito, maaari din itong magsilbing salamin ng politikal at kultural na ideolohiya ng isang lugar o nasyon. Sa diwang ito, layunin ng mga mananaliksik na suriin kung paanong sinasalamin ng Arkitekturang Filipino, partikular na ng Arkitekturang Malolos, ang ating pagkakakilanlan at kultura bilang mga Pilipino. Nais itong simulan ng papel sa pag-aaral sa tatlong antigong bahay na bahagi ng Malolos Historic Town Center. Gamit ang binuong balangkas ni Edson Roy Cabalfin, gayundin ang mga piling ideya ni Gerard Lico kaugnay sa pag-aaral ng Arkitekturang Filipino, sinipat ng papel ang estetika, politika, at ideolohiyang Pilipino na nakapaloob sa mga antigong bahay. Nahahati ang papel sa tatlong pangunahing bahagi: (a) pagtalakay sa Arkitekturang Malolos bilang bantayog ng estetikang Pilipino, (b) pagsipat sa Arkitekturang Malolos bilang simbolismong politikal, at (c) pagtanaw sa Arkitekturang Malolos bilang salamin ng mga ideolohiya ng lipunang Pilipino.

*Mga susing salita:* Malolos, Arkitekturang Filipino, Arkitekturang Malolos, espasyo, kapangyarihan

## ABSTRACT

Currently, most studies on Filipino Architecture concentrate solely on the history and aesthetics of its structures. Apart from their historical significance, these structures can also serve as a window into the political and cultural ideologies of a region or a nation. In this sense, the researchers hope to examine how Filipino Architecture, particularly Malolos Architecture, symbolizes our Filipino identity. The paper begins by analyzing three heritage houses that are included in the Malolos Historic Town Center, and then examines the Filipino aesthetics, politics, and ideology that these heritage houses embody. Using the framework for studying Filipino Architecture developed by Edson Roy Cabalfin, as well as selected ideas of Gerard Lico, this paper is divided into three sections: (a) a discussion on Malolos Architecture as a monument of Filipino aesthetic, (b) a discourse on Malolos Architecture as a political symbol, and (c) a discussion on Malolos Architecture as a reflection of the ideologies of Filipino society.

*Keywords:* Malolos, Filipino Architecture, Malolos Architecture, space, power

Sa kasalukuyan, hindi pa ganoon kalawak ang korpus ng mga pananaliksik na tumatalakay sa mga ideolohiya at pilosopiyang matatagpuan sa mga makasaysayan at antigong bahay sa bansa. Kalimitang mas nabibigyang-tuon ang pagsipat sa kasaysayan at istoryang nakapaloob sa mga estrukturang ito. Gayunman, bukod sa pagtingin sa mga arkitekturang ito bilang kaban ng pamanang pangkasaysayan, maaari din itong ituring bilang repleksiyon ng kaisipan ng mga taong nagdisenyo o nagtatag nito. Ang isang arkitektura ay hindi lamang naitayo nang basta-basta. Ayon sa iskolar na si Edson Roy Cabalfin, may prosesong pinagdaraanan ang isang arkitektura bago ito ganap na mabuo. Naniniwala siya na ang arkitektura ay maituturing na isang proseso ng pagkamalikhain (*Pagbalangkas sa Arkitekturang Filipino* 47). Dagdag pa niya, sumasailalim ito sa mahabang proseso ng pag-unawa, pagdisenyo, pag-angkop, at pakikibagay hanggang sa maging isang ganap na produkto. Kung gayon, ang arkitektura ay maaaring maging lunsaran ng iba't ibang ideolohiya at pilosopiya. Sa katunayan, panahon pa lamang ni Plato, mayroon nang mga diskusyon ukol sa relasyon ng pilosopiya at arkitektura sa pamamagitan ng pinasimulan niyang konsepto ng Neoplatonism na tinatangkang unawain ang mga bagay batay sa iisang rason na ikinokonsidera bilang banal (Hankey 55).

Iniuugnay naman ng pilosopong Aleman na si Immanuel Kant ang arkitektura sa estetika bunsod ng kakayahan nitong makapagpahayag ng ideya gamit ang mga materyal, porma, at espasyo sa pagbuo nito (75). Kung kaya, marami sa mga kinikilalang pilosopo ay minsan nang nasangkot sa ilang mga proyektong pang-

arkitektura. Nariyan ang pilosopong Amerikano na si John Dewey na nagkaroon ng natatanging kontribusyon sa pagbuo ng Chicago Laboratory School at pilosopong Australyano na si Ludwig Wittgenstein na tumulong sa pagtatayo ng tahanan ng kaniyang kapatid na babae na si Margaret Stonborough-Wittgenstein (Fisher). Sa katunayan, naging sentro ng iba't ibang pananaliksik ang bahay na ito sa Vienna, Austria, upang mas makilala ang pilosopiya ni Wittgenstein.

Bukod sa karaniwang pagtingin natin sa arkitektura bilang bukal ng nagdaang alaala, mahalagang makita rin ito bilang daluyan ng mga ideya at pagkakakilanlan ng isang lugar. Hindi natin maihihiwalay ang usapin ng arkitektura sa usapin ng identidad. Mahalagang sangkap sa pagbuo ng pagkakakilanlan ng isang tao ang pagsipat sa kasaysayan nito, kabilang na ang estruktura (Cabalfin, *insert shortened title* 32). Sinisegundahan ito ng pahayag ni Augusto Villalon na nagsasabing bahagi ang pagpapahalaga sa pamana ng bayan at kasaysayang pang-estruktura sa pagpapatibay ng ating pagka-Pilipino (Casucian).

Hindi rin mawawala ang pagkatha ng pilosopong Ingles na si Jeremy Bentham sa disenyo ng panopticon na ginamit sa pagsasaayos ng sistema ng mga bilangguan noong ikalabing-walong siglo. Sa estrukturang ito, mayroong isang malaking tore na kinaroroonan ng tagabantay at naglalabas ng maliwanag na ilaw na nakatutok sa mga selda. Malinaw na nakikita ng tagabantay ang ginagawa ng mga preso, samantalang ang mga preso ay walang ideya kung mayroon bang nakatingin sa kanila dahil sa sobrang liwanag ng ilaw. Sa ganitong paraan, naipararamdam sa mga preso na may nagbabantay sa kanila sa lahat ng pagkakataon kung kaya't napipilitan silang kumilos nang maayos. Ito rin ang ginawang metapora ng pilosopong Pranses na si Michel Foucault upang ipaliwanag ang ugnayan ng sistema ng pagkontrol at pagdidisiplina, maging ang relasyon ng kapangyarihan at kaalaman (197).

Kung pag-uusapan naman ang ugnayan ng politika at arkitektura, isang halimbawa na maaaring tingnan ang Burnham Plan for Manila na iminungkahi ni Daniel H. Burnham, isang arkitekto at city planner mula sa Chicago. Nang malipat sa mga Amerikano ang pamamahala sa bansa, isa sa naging plano nila ang pagpapaganda sa mga gusali nito partikular na sa Maynila na siyang kabisera nito. Layunin nitong mabura ang imahen ng mga sakit ng lipunan at kagutuman sa pamamagitan ng pisikal na pagpapaganda sa mga lugar (Castañeda 56). Naunang nakita ang kahalintulad na plano sa Washingtong D.C. noong 1901 kung saan naging bahagi rin ng proyekto si Burnham (Lico 245). Ipinakikita rito na hindi lamang nakakahon sa aspektong pang-estetika ang pagtingin sa mga gusali kundi maaari ding tingnan ang politika na nasa likod ng mga ito.

## Ang Estetika at Politika sa Arkitekturang Filipino

Sa tekstong *Philippine Heritage Homes* (2014) nina Jaime Laya, Cristina Turalba, at Martin Tinio Jr., iginiit nila ang halaga ng muling pagbabalik-tanaw sa mga antigong bahay bilang paraan ng pagkilala sa ating identidad. Ang bawat detalye ng mga panloob at panlabas na arkitektura ng mga tahanang kanilang sinuri ay hindi lamang nagpapakita ng ating mayamang kasaysayan kundi sumasalamin din sa ating pagkatao at paraan ng pamumuhay bilang Pilipino (60). Isang halimbawa rito ang naging pag-aaral ng mga Pilipinong iskolar na sina Rene Javellana, Fernando Nakpil Zialcita, at Elizabeth V. Reyes sa kanilang librong *Filipino Style: Design and Architecture* (2013) Tinalakay nila rito ang estilo ng pag-aarkitektura ng mga Pilipino noong unang panahon. Ipinakita sa librong ito ang mga batayan sa pagpapatayo ng mga bahay at pagdidisenyo ng mga ito. Mula sa panlabas hanggang panloob na arkitektura, kinakailangang nakaayon ito sa klima ng lugar lalo pa't madalas dalawin ng sunod-sunod na mga bagyo ang bansa (18). Sinesegunduhan ito ng pag-aaral nina Young-Hoon Kim at Sooyoung Lim na "A Study on the Vernacular Architecture in Bahay na Bato, Spanish Colonial Stlye in Philippines" (2013) na nagpapaliwanag sa pagkakaroon ng mga bahay na bato sa Pilipinas bilang tugon sa klimang mayroon ito (135).

Bukod sa pagtugon sa banta ng mga posibleng kalamidad, tinatalakay rin ni Gerard Lico sa kanyang tekstong *Arkitekturang Filipino: A History of Architecture and Urbanism in the Philippines* (2008) na ang pagpili sa disenyo ng bahay na bato ay bunsod na rin ng pagbabago sa sosyo-ekonomikong kondisyon ng mga aristokrata at maimpluwensiyang pamilya noon (159). Bunga ito ng pagyabong ng kanilang mga negosyong may kaugnayan sa pangangalakal at pagsasaka. Gayundin, ang pagtransisyon sa ganitong uri ng disenyo ay bakas din ng impluwensiyang iniwan ng mga Kastila sa Pilipinas bilang isa sa mga dating bansang sinakop nito. Sa paliwanag pa ni Lico:

> Upang pahalagahan ang mga inobasyon ng bahay na bato, dapat itong ihambing sa mga kaugnay na bahay sa Espanya, Mehiko, Kastilang Antiles, at iba pang dating kolonyang Espanyol. Sa ganitong paraan, maipapakita kung papaanong ang mga kolonyal na bahay sa Pilipinas ay umangkop sa klima at mga tradisyong pangkasaysayan at panlipunan. (sariling salin; 163)

Sinesegundahan ito ng naging pagtalakay pa ni Lico sa kanyang tekstong *Edifice Complex: Power, Myth, and Marcos State Architecture* (2003) kaugnay sa espasyo bilang simbolismo ng kapangyarihan. Ayon kay Lico, ang mga espasyo ay nililikha hindi lamang upang maging kanlungan ng mga aktibidad ng tao kundi mayroon din

itong simbolikong halaga, na nagiging mga 'pook' na kumakatawan sa dominyon ng mga may kapangyarihan (Lico, *Edifice Complex* 2). Samakatuwid, ang disenyo ng mga antigong bahay na ito ay hindi lamang maikakahon sa ideya ng estetikal na motibasyon kundi paggigiit din sa dominasyon ng dayuhang mananakop. Masisipat din ang ganitong asersiyon sa pagpapatayo ng grandiyosong mga simbahan sa buong kapuluan. Hindi lamang ito nagsilbing dibersiyon sa tunay na motibasyon ng mga Kastila sa pagpapakalat ng Kristiyanismo kundi naging kasangkapan din sa pagkakapitalisa ng kanilang kultural na kapangyarihan (Lico 23).

Bukod sa pagsalamin sa kapangyarihan ng mga naging kolonisador ng bansa, mababakas din sa ating kasaysayan ang paggamit sa arkitektura bilang repleksiyon ng agwat-panlipunan. Sa paliwanag ni Lico, walang ganap na pagkakapantay-pantay, at ito ay mapapansin sa kapasidad ng arkitektura na lumikha ng linya sa tumutukoy sa pagkakaiba ng may pribilehiyo at marhinalisado (*Edifice Complex* 21). Samakatuwid, mula pa lamang sa panahon ng pananakop ng mga Kastila hanggang sa pag-usbong ng mga subdivision na literal na lumilikha ng pader na naghihiwalay sa mayayaman at mahihirap, nagsisilbi nang simbolo ng kawalan ng pagkakapantay-pantay sa katayuang panlipunan ang kayarian at pagkakabuo ng mga tahanan.

Ang usapin ng espasyo at kapangyarihan ay higit pang mabibigyang-diin sa panahon ng Diktadurang Marcos. Malaki ang ginampanang papel ng mga gusali sa paglalarawan sa uri ng pamamahalang ipinamalas ng pinatalsik na Pangulo sa loob ng mahigit dalawampung taon. Sa likod ng mga magagarbo at sopistikadong disenyo ng mga arkitekturang binuo ng mga Marcos, partikular na ng Unang Ginang na si Imelda, humihiyaw ang kagutuman at karahasan bilang kontradiksiyon sa itinatampok nitong estetika. Nagsilbi bilang simbolismo ng karahasan ang niratsadang Manila Film Center bunsod ng kahilingan ni Imelda na maihabol ito sa pagbubukas ng 1982 Manila International Film Festival. Tinatayang aabot sa 160 manggagawa ang nailibing ng buhay dahil sa aksidenteng naganap habang binubuo ito. Sa halip na ipatigil ang konstruksiyon at tulungan ang mga natabunang manggagawa, pinili ni Imelda na isemento ang mga ito upang umabot sa nabanggit na film festival (Benedicto 26). Muli, gaya ng naunang talakay sa Burnham Plan for Manila, naging simbolo rin ang mga arkitektura sa panahon ng Diktadurang Marcos sa kanilang mga politikal na adyenda, gayundin ang mga kontradiksiyong naganap sa panahong ito.

Sa paliwanag ni Lico sa kanyang kabanatang "Culture and Architecture under Martial Law," ang fasinasyon ng mag-asawang Marcos sa pagpapatayo ng iba't ibang impraestruktura at gusali, kabilang na ang gumuhong Manila Film Center, ay bunsod ng kanilang binuong imahen na nakaugat sa pag-aastang mga bayani

ng bansa na sasagip sa naghihirap nitong mamamayan. Ang pagpapatayo ng mga grandiyosong arkitektura ang nagsilbing panakip sa lumalawak at lumalalang kahirapan sa ilalim ng Rehimeng Marcos. Sa paliwanag pa ni Lico:

> Maaaring hindi lahat ng bagay ay tungkol sa imahe, ngunit ang kahusayan sa paglikha ng ilusyon ay nagbibigay-buhay sa kahit na anong kakulangan ng nilalaman. Si Ferdinand ay lumilikha ng kodigo ng mga galaw, intonasyon ng boses, at mahusay na ekspresyon ng mukha upang magpakita ng kahanga-hangang karisma sa publiko. Samantala, nagpapakita si Imelda ng isang regal na awra kasabay ng paglilingkod bilang isang maawaing unang ginang, gobernador ng Kalakhang Maynila, ministro, at kinatawan ng pangulo na may katambal na kahanga-hangang karisma. (sariling salin; *Edifice Complex* 43)

Kung babalikan ang naunang talakay, ang ganitong siste ay pag-uulit sa paggamit ng mga Kastila sa arkitektura bilang dibersiyon sa kanilang tunay na motibo sa pagpapakalat ng Kristiyanismo sa bansa. Sa kaso ng mga Marcos, ang arkitektura ang isa sa mga naging aparato sa pagkukubli sa dinanas na kagutuman at kahirapan ng mamamayan bunsod ng pang-aabuso nila sa kanilang kapangyarihan. Iniugnay ni Lico ang prosesong ito sa konsepto ng *edifice complex*:

> Ang edifice complex ay isang nakapepesteng syndrome ng isang indibidwal, bansa, o korporasyon na may obsesyon sa pagpapagawa ng mga gusali bilang isang tanda ng kahusayan, simbolo ng pambansang kasaganahan, patunay ng katayuan ng isang indibidwal, o pagpapakita ng imahe ng isang korporasyon. Katulad ni King Ludwig II ng Bavaria, Adolf Hitler ng Alemanyang Nazi, at Benito Mussolini ng pasistang Italya, ang unang ginang ay natataglay ng ganitong neurosis na may kalikasang patolohikal. (sariling salin; *Edifice Complex* 43)

Ito ang dahilan kung bakit sa kabila ng pagtaas ng mga bilihin at dumaraming kaso ng kagutuman sa bansa, higit pang naging priyoridad ng Rehimeng Marcos ang pangungutang sa mga institusyon gaya ng World Bank at International Monetary Fund upang makapagpatayo pa ng mga gusaling sasalamin sa paggigiit nila ng nagbabalat-kayong imahen at pagpapaigting ng impluwensiya.

## Paglalahad ng Suliranin

Pinatutunayan ng mga inilahad na kaugnay na pag-aaral ang makabuluhang diskurso ukol sa arkitektura bilang bukal ng mga ideolohiyang politikal at kultural. Sa ganitong diwa, isang pagtatangka ang papel na ito na makapag-ambag sa pag-aaral kaugnay sa paksa ng Arkitekturang Filipino, partikular na sa ugnayan nito sa ating ideolohiya at identidad bilang mga Pilipino. Nais itong simulan ng

mga mananaliksik sa pamamagitan ng pagsipat sa kaso ng ilang antigong bahay na kabilang sa Malolos Historic Town Center na matatagpuan sa lalawigan ng Bulacan. Partikular na sisipatin sa mga antigong bahay ang estetika, politika, at ideolohiyang Pilipinong nakapaloob sa mga ito.

## Metodolohiya ng Pag-aaral

Bahagi ng pamanang pangkasaysayan ng Malolos ang mga antigong bahay na makikita sa gitna ng lungsod, na binansagan bilang Camestisuhan o Pariancillo District. Kinilala ito ng National Historical Commission of the Philippines (NHCP) bilang isa sa mga National Historical Landmark at Heritage Town ng bansa noong Agosto 15, 2001. Gayunpaman, mula sa mahigit 20 antigong bahay na matatagpuan sa distritong ito, nilimitahan lamang ng mga mananaliksik ang pagsusuri sa tatlo para sa saliksik na ito. Ito ang unang papel sa serye ng mga pag-aaral na magiging bahagi ng mas malawak na proyektong susuri sa mga antigong bahay sa Malolos. Ang mga tahanang napili ay ang mga sumusunod: Tahanan ng mga Tanjosoy na matatagpuan sa Calle Burgos at naitatag noong 1820 (at sumailalim sa renobasyon noong 1910); Tahanan ng mga Bautista na makikita sa Kalye ng Santo Niño at na naitayo noong 1855 (at sumailalim sa renobasyon noong 1877); at Tahanan ng mga Santos na matatagpuan sa Kalye ng F.T. Reyes (kilala dati bilang Calle Electricidad), ang pinakabata sa tatlo na binuo noong 1933.

Isinakatuparan ang pag-aaral sa pamamagitan ng gabay-talakay sa mga kasalukuyang may-ari, tagapangalaga, at/o historyador na mayroong malalim na kaalaman sa kasaysayan ng mga napiling bahay. Kinapanayam ng mga mananaliksik sina Basilidez “Dez” Bautista (tanyag na set designer at historyador ng kulturang Bulacan) para sa tahanan ng mga Bautista, Loreto “Lorie” delos Santos para sa tahanan ng mga Tanjosoy, at Roly Marcelino (historyador) para sa tahanan ng mga Santos. Naging tuon ng mga panayam ang pagbakas sa kasaysayan at mga kuwentong nakapaloob kaugnay sa pagtatayo at/o pagdidisenyo ng mga bahay. Nagsagawa rin ng kalahok-masid o pagdalaw sa mga napiling bahay upang obserbahan ang mga kagamitan ng mga ito, na tumagal ng mahigit dalawang buwan. Komunsulta rin ang mga mananaliksik sa kasalukuyang arkitekto ng Lungsod ng Malolos na si Aaron Solis at ilang kinatawan ng Pambansang Komisyon ng Kultura at mga Sining ng Malolos.

Para sa pagsusuri sa nabanggit na tatlong antigong bahay, ginamit ng mga mananaliksik bilang gabay ang metodo at balangkas na inilatag ni Edson Cabalfin sa kanyang artikulong ”Pagbalangkas sa Arkitekturang Filipino: Alternatibong Kritikal na Tema sa Historyograpiyang Arkitektura” (2000). Ito ang napiling metodo sa pagsusuri ng mga mananaliksik sapagkat umaayon ang binuong balangkas ni Cabalfin sa layunin ng pag-aaral na masipat mula sa mga antigong bahay ang

identidad at ideolohiyang Pilipino. Ayon nga kay Cabalfin, bahagi ito ng paglinang sa tinatawag na Arkitekturang Filipino o ang pag-aaral sa mga arkitektura sa bansa na nakaugat sa Pilipinong saloobin, karanasan, kaisipan at pagpapahalaga (32). Wika pa niya, laging magkabigkis ang kasaysayan at identidad sa pagbabalik-tanaw natin sa mga pamanang arkitektura. Bukod sa balangkas ni Cabalfin, ginamit din bilang lente sa pagsusuri ng mga antigong bahay ang mga ideya ni Gerard Lico kaugnay sa Arkitekturang Filipino, partikular na ang mga nakapaloob sa kanyang tekstong *Edifice Complex*.

## Ang Pagbalangkas sa Arkitekturang Filipino Ayon kay Cabalfin

Isa si Cabalfin sa mga naniniwalang kinakailangang magkaroon ng pagbabago sa paraan ng pag-aaral ng mga arkitektura sa bansa. Sa kaniyang pananaw, mayroon pa ring pagkiling sa mga kanluraning simulain ang pagbuo sa ating historyograpiyang arkitektural:

> Bukod pa rin sa pagkilala ng subhektibong pagkiling ng historyograpiya, tumitingkad din ang pagbuo ng mga makabagong parametro at batayang angkop din sa ating sariling kondisyon, karanasan, at konteksto. Sa historyograpiyang arkitektural, ang pagkakaroon ng kritikal na mga batayang kaisipan ay nagiging isang mabisang pamamaraan ng pagpapalawak ng usapin ng arkitektura. Mayroong matinding pangangailangan, samakatuwid, ng isang pagbabago ng kaisipan at oryentasyon sa historyograpiyang arkitektural. Umaayon pa rin sa kinakailangang kritikal na pagtingin sa kasaysayan ang pag-unawa sa sariling pagkakakilanlan. (*Pagbalangkas sa Arkitekturang Filipino* 33)

Samakatuwid, kung ibabatay sa paliwanag ni Cabalfin, ang Arkitekturang Filipino ay nakatindig sa saloobin, karanasan, kaisipan, at pagpapahalagang Filipino. Bagama't malaki ang naging impluwensiya ng pananakop ng mga Kastila at Amerikano sa estilo ng maraming arkitektura sa bansa, partikular na ang mga antigong bahay, mayroon pa rin tayong arkitekturang maituturing na sariling atin. Sa aklat nina Luca Tettoni at Elizabeth V. Reyes, pinatunayan nila na may masasabing *Philippine Style* o Estilong Pilipino pagdating sa disenyo at/o pagbuo ng arkitektura. Pinag-aralan nila ang mga detalye at kagamitan ng ilang bahay-kubo at bahay-na-bato. Nakita nila sa kanilang naging pagsusuri na umaangkop ang mga ito sa klima at kapaligiran kung saan ito nakatayo, lalo na sa Pilipinas na isang arkipelago at napalilibutan ng karagatan. Malimit na yari sa bato ang mga tahanang madalas daanan ng malalakas na bagyo. Nakita rin nila ang paggamit ng mga materyal o produktong natatangi at tanyag sa naturang lugar. Ilan lamang ito sa masasabi nilang kaiba sa pamantayan ng Arkitekturang Español o Amerikano.

Kaugnay nito, naglatag si Cabalfin ng mga metodo at balangkas na maaaring gamitin ng mga mag-aaral o mananaliksik na interesado sa kasaysayang arkitektural. Para sa kaniya, may apat na paraan para suriin ang historyograpiya ng arkitektura: ang (a) *historic-diachronic*, (b) *stylistic-formalistic*, (c) *cultural-sociological*, at (d) *synchronic-thematic* (40). Nakatuon ang *historic-diachronic* sa pag-aaral sa kasaysayan sa sekuwensiyal na pamamaraan. Tinutunton ang simula ng pag-iral at ang mga pangyayaring naganap pagkatapos nito. Tinitingnan din maging ang mga pagbabagong nangyari sa bawat panahong lumipas. Sa kabilang banda, ang *stylistic-formalistic* naman ay nakapokus sa estilo ng isang arkitektura. Masasabing konektado ito sa metodo na *historic-diachronic* sapagkat maaari ding tingnan ang mga pagbabago sa estilo o anyo ng arkitektura batay sa panahong kinabibilangan nito mula sa panahong nauna rito. Nakaugnay naman sa tao at lipunan ang metodong *cultural-sociological*. Tinitingnan dito ang pagtatagpo ng iba't ibang kultura at ang mga pagbabagong nagaganap sa lipunan. Naiiba naman ang ikaapat na metodo na *synchronic-thematic* sa nakagawiang pagtingin sa kasaysayan. Hindi ito nakatali sa linyar na pag-aaral tulad ng *diachronic*. Sa halip, mas binibigyang-tuon dito ang mga isyung nangibabaw sa mga nagdaang panahon. Tinitingnan din kung paanong nagkakatulad at/o nagkakaiba ang mga problemang ito sa isang partikular na panahon at sa isa pa (Cabalfin, *Pagbalangkas sa Arkitekturang Filipino* 40–41).

Ngayong malinaw na ang mga paraang maaaring gamitin sa pagsusuri sa kasaysayang arkitektural, tatalakayin naman ang mga tema o isyung maaaring balangkasin sa kritikal na pag-unawa sa mga ito. Sa paliwanag ni Cabalfin:

> Upang mas lubusan din ang pagtalakay sa arkitektura sa pagdaan ng panahon, nakikita ang arkitektura bilang lugar ng kaganapan ng iba't ibang isyu. Sa pagsipat ng kasaysayan, kinakailangang lumabas din ang mga sumusunod na tema o isyung nakikitang nagaganap sa iba't ibang panahon. Isa itong synchronic-thematic na pamamaraan. Malay itong pag-unawa ng mga isyu sa lahat ng panahon. (44)

Kung gayon, ang arkitektura ay hindi lamang kaban ng alaala kundi paalala rin ng mga nagdaang usapin o isyu sa nakaraan. Nakapaloob sa mga estrukturang ito ang mga pangyayaring may malaking kaugnayan sa kasalukuyan. Ito ang mga salik na makatutulong upang ganap na maunawaan ang isang arkitektura at ang dahilan sa pagkakabuo nito. Sa kaniyang artikulo, nakabuo si Cabalfin ng limang temang maaaring gamiting gabay sa kritikal na pagsusuri sa Arkitekturang Filipino: (a) ang arkitektura bilang pagtatakda ng lunan, (b) ang arkitektura bilang pag-aangkop at pakikibagay sa kapaligiran, (c) ang arkitektura bilang proseso ng pagkamalikhain, (d) ang arkitektura bilang pamamaraan ng pagbibigay ng kahulugan, at (e) ang arkitektura bilang espasyo ng dinamika ng kapangyarihan (45–50).

Gamit ang balangkas at temang binanggit ni Cabalfin, inilapat ito ng mga mananaliksik sa konteksto ng mga antigong bahay sa Malolos. Mula rito, nakabuo ng tatlong pangunahing seksiyon ang pagsusuri: (1) ang pagtalakay sa Arkitekturang Malolos bilang bantayog ng estetikang Pilipino, (2) ang pagsipat sa Arkitekturang Malolos bilang simbolismong politikal, (3) ang pagtanaw sa Arkitekturang Malolos bilang salamin ng ideolohiya ng lipunang Pilipino.

## Ang Ugnayan ng Espasyo at Kapangyarihan Ayon kay Lico

Sa pananaw ni Lico, ang arkitektura ay maaaring ituring bilang kuwento na isinasalaysay ng mga arkitekto batay sa paraan nila ng pagdidisenyo nito (17). Ibig sabihin, may kahulugan at pakahulugan ang bawat detalye ng isang estruktura. May ibinabahagi itong mga naratibo na may integral na papel sa kasaysayan at pagkakakilanlan ng isang lugar o bansa. Sa paliwanag pa ni Lico:

> Nagsisilbing biswal na metapora ng lipunan ang arkitektura na nababalot ng mga kuwento dahil ito ay nakaangkla sa mga larangan ng diskurso—pormal, sikolohikal, ideolohikal—na kinakailangan para sa produksiyon nito. Samakatuwid, ang pag-unawa sa arkitektura ay nakikita bilang pagpapaliwanag, pagbabasa, pagpapakahulugan, at pag-decode sa kahulugan sa likod ng likhang anyo. (sariling salin; *Edifice Complex* 17)

Kung gayon, kagaya ng binabanggit ni Lico, ang pag-aaral sa arkitektura ay isang ideolohikal at politikal na proseso. Hindi lamang maaaring ikahon sa pagpapahalagang pang-estetika ang pagsipat sa mga estruktura kundi isa ring balon ng mga ideolohiyang higit na magpapatingkad sa mga kinukupkop nitong naratibo. Samakatuwid, isang alegorikal na teksto ang arkitektura. Ang pagsusuri sa Arkitekturang Malolos ay hindi lamang pagtanaw sa kasaysayan ng lungsod at mamamayan nito kundi pagsasalamin din sa ating kuwento bilang nasyon. Nagsisilbi itong kabalikat sa pagbubuo ng ating pagkakakilanlan bilang isang bansa.

Maiuugnay ito sa sinasabi ni Lico na pagbabago ng mga espasyo bilang espasyo ng dominyon ng mga may kapangyarihan (*Edifice Complex* 2). Sa pagsipat sa estetika, politika, at mga ideolohiyang sinasalamin ng mga antigong bahay sa Malolos, mahalagang bigyang-diin ang sinasabing papel na espasyo sa pagsusuri sa mga ito. Isang halimbawa nito ang pagsipat sa kung paanong naging espasyo at simbolo ng kalayaan ang kahabaan ng EDSA dahil sa naging integral na papel nito sa dalawang People Power na nagpatalsik kina Marcos at Estrada. Pero bukod sa pagbabalik-tanaw sa mga historikal na pangyayaring naganap sa isang espasyo, maaari ding tingnan kung paanong naging kasangkapan ang estruktura sa isang partikular na ideolohiya. Isang halimbawa nito ang Malacañang of the North

sa Ilocos Norte na isa sa mga sumalamin sa imeldifikasyon o pagmamalabis ng Pamilya Marcos lalo na sa paggamit ng pondo ng bayan.

Sa madaling sabi, may kakayahang makabuo ng ideolohiya at/o pagpapakahulugan ang bawat detalye ng isang estruktura o kahit ang isang simpleng espasyo. Sa mga salita nga ni Lico, ang arkitektura ay may kapangyarihang maging puwersa ng pagkontrol at opresyon, gayundin bilang aparato ng paglaya (*Edifice Complex* 7). Ang ganitong pagtanaw ni Lico ang gagamitin ng papel sa pagsusuri at/o pagpapakahulugan sa espasyo ng tatlong antigong bahay, partikular na sa ugnayan nito sa paggigiit o pagwasak ng kapangyarihan.

## Ang Arkitekturang Malolos Bilang Bantayog ng Estetikang Pilipino

Sabi sa isang matandang kasabihan, makikilala mo ang katangian ng isang tao sa oras na makita mo ang kaniyang tahanan. Maaaring sabihin na repleksiyon ito ng ating pagkatao. Walang estrukturang nabuo mula sa kawalan. Dumadaan ito sa mahabang proseso. Mula sa pag-iisip ng mga materyales na gagamitin, pagdidisenyo ng magiging porma nito hanggang sa aktuwal na pagbubuo ng estruktura. Kung gayon, ayon kina Cabalfin at Lico, hindi lamang dapat tinitingnan ang arkitektura bilang isang produkto kundi isang proseso ng pagkamalikhain. Sa paliwanag ni Cabalfin:

> Ang pagkamalikhain, o ang kakayahan at kagalingan ng isang tao na makapag-isip at makabuo ng bagay-bagay mula sa mga umiiral na ay ituturing natin bilang isang mahalagang puwersa sa arkitektura. Paano ginamit ng tao ang mga laganap na materyales (tulad ng kahoy, bato, at kawayan) bilang pangunahing materyales sa arkitektura? Ano ang pagbabagong-anyo na naganap nang pumasok sa Pilipinas ang iba't ibang estilo mula sa Europa? Anu-ano ang naganap na transpormasyon ng mga programang dayuhan sa atin nang ito ay dinala ng mga mananakop? Paano natin binabago at inaangkop ang isang gusali sa pagdaan ng panahon? Samakatuwid, hindi lamang isang bulag na pangongopya o paggaya ng mga estilo mula sa mga dayuhang simulain ang pagkamalikhain ng isang tao. Bagkus, ang arkitektura ay nakikita bilang lulan ng pagtatagpo ng mga kultura kung saan ang tao ay may malikhaing kakayahang baguhin, angkinin, at mamagitan sa mga estilong gayon. (*Pagbalangkas sa Arkitekturang Filipino* 47-48)

Maaaring tingnan ang arkitektura bilang tagpuan ng sining at kasaysayan. Hindi lamang ito kuwento ng nagdaang panahon kundi manipestasyon din ng kasiningang mayroon ang isang lugar. Katulad ng binuong analohiya ni Lico, maihahambing

ang pagkatha ng naratibo ng mga kuwentista sa pagdisenyo ng estruktura ng mga arkitekto. Masasalamin sa paraan ng pagkakabuo nito ang poetika ng lumikha.

Ilalahad sa puntong ito ang mga nakalap na datos kaugnay sa tatlong antigong bahay. Bibigyang-tuon sa bahaging ito ang pagtalakay sa mga kagamitan at disenyong arkitektural na makikita sa tahanan ng mga Tanjosoy, Bautista, at Santos. Mula sa mga kinopyang estilo sa ibang bansa hanggang sa mga likha ng mga Pambansang Alagad ng Sining.

Ang tahanan ng mga Tanjosoy ang itinuturing na pinakamatandang bahay na bato sa Malolos, Bulacan, na nananatiling nakatayo hanggang sa kasalukuyan. Nabuo ito noong 1820 ng orihinal na may-ari na si Pedro Tanjosoy. Sumailalim ito sa renobasyon noong 1910 upang baguhin ang ilang bahagi ng loob ng bahay at iayon sa estilo ng *Art Nouveau*. Nakatayo ito sa lupaing may sukat na sampung libong metro-kuwadrado (delos Santos).

Bagaman nakalipas na ang ilang dekada, pinanatili ng tahanan ang puting kulay nito. Halos lahat ng mga kagamitan sa tahanan ng mga Tanjosoy ay gawa ng tanyag na alagad ng sining na si Isabelo Tampinco (Dy). Nakilala si Tampinco dahil sa kaniyang mga gawa na maituturing bilang isang halimbawa ng *arkitekturang may estilo na maka-Pilipino* (Reyes). Ilan sa mga nakilala niyang likha ay ang façade ng Manila Cathedral at ang panloob na disenyo ng dating Session Hall ng Senado na makikita ngayon sa Pambansang Museo ng Pilipinas (Valdez). Bukod pa, naging tatak din ng kaniyang mga likha ang pagkakaroon nito ng disenyong nagpapakita ng ilang tanyag na produkto sa bansa tulad ng dahon ng saging at puno ng sasa. Malimit din siyang gumamit ng ulo o katawan ng isang babae at maging ng iba't ibang klase ng bulaklak. Isa rin siya sa mga alagad ng sining ng bansa na nabigyan ng pagkakataong mapabilang sa *Exposicion General de las Islas Filipinas* sa Madrid, Spain, noong 1887, kung saan ginawaran siya ng *diploma de honor*.

Nagkaroon ng tatlong anak ang mag-asawang Tanjosoy na sina Alvino, Rufina, at Josef. Ibinigay ng mag-asawa ang karapatan sa tahanan sa kanilang anak na si Rufina. Nang yumao ang Donya, ipinamana niya ito sa nag-iisang apo ng kaniyang mga magulang na si Don Antonio Bautista. Nang magtungo si Don Bautista sa Amerika noong 1904, nasaksihan niya ang eksibisyon ng mga likhang disenyo ni Joseph Urban sa Louisiana Purchase Exposition, sa St. Louis, Missouri (delos Santos). Isa sa mga kinikilalang arkitekto ng kaniyang panahon si Urban. Ilan sa kaniyang mga natatanging likha ay ang Ziegfeld Theatre, Central Park Casino, at The New School for Social Research, na kapwa matatagpuan sa New York. Nang makauwi ng Malolos, ipinatawag ni Don Bautista si Emilio Alvero, isa sa mga kinikilalang alagad ng sining pagdating sa pagpipinta at pagdidisenyo upang

ipaayos ang bahay batay sa nauusong estilo noon na *Jugendstil* o tinatawag na A*rt Nouveau* sa Pranses. Si Alvero ay nagtapos sa Academia de Dibujo y Pintura, isa sa mga prestihiyosong paaralan para sa sining noon (Cañete).

Pinintahan ni Alvero ang mga dingding at kisame ng disenyong bulaklak at dahon. Sa komedor naman ay nagpinta ng puno ng saging at prutas, na hango sa disenyo ni Tampinco. Samantala, ang bubong na tisa ay pinalitan ng yero. Ang mga silya at mesa, kama, at kurtina naman ay naging akma sa kabuuang disenyo ng bahay na nilikha ni Alvero. Bukod pa rito, masasalamin din sa bahay ang dugong Tsino ng mga Tanjosoy. Kung sisipatin ang kanilang hagdan, may partikular na bilang ang mga baitang nito at kinakailangang nagtatapos sa 'oro,' alinsunod sa pagkakaayos mula sa 'oro, plata, mata.' Mahalagang nagtatapos ito sa 'oro' sapagkat ang ibig sabihin nito ay ginto na sumisimbolo naman ng kayamanan.

Naitayo naman ang tahanan ng mga Bautista noong 1855 at muling ipinaayos batay sa estilong *Neoclassical* noong 1877. Sinasabing isa ang dating Pangulong Emilio Aguinaldo sa nagdisenyo nito (Bautista). Pinintahan ang kisame ng imahen ng nimpa at mga relihiyosong disenyo. Mabubungaran na agad ang nakamamanghang eskultura ng apat na *caryatid*, mga nagsisilbing pansupora sa mga poste na may disenyo na imahen ng Griyegong babae, sa harap o *façade* pa lamang ng bahay. Isa itong katangian sa antigong bahay na malimit makita sa mga tahanan noon. Sinasabing ang rason sa likod nito ay dahil nagsisilbing tanggapan ng mga kaibigan at kakilala mula sa Maynila ang tahanang ito para sa mga pagtitipon (Cañete). Samantala, ang barandilya naman ng mga bintana ay may disenyong *Solomonic column* na nilikha ng ilang lokal na eskultor sa Malolos. Makikita naman sa gawing itaas ng portada ng bahay ang mga ukit ng baging ng mga bulaklak at bunga ng Balubad, Sampaloc, at Camachile. Ang mga ukit na bato sa silong ng bahay ay kakaiba rin na tumutugma sa ukit ng kahoy sa itaas nito.

Makikita rin sa loob ng bahay ang mga kagamitang likha ng ilang tanyag na alagad ng sining sa bansa tulad nina Juan Luna, Fernando Amorsolo, Lorenzo Guerrero, at Felix Hidalgo. Mayroon ding mga obrang tulad ng *La Barca de Aqueronte* ni Hidalgo na hindi na makikita ngayon sa tahanan ng mga Bautista. Sinasabing nasa kamay na ito ng sikat na kolektor ng mga antigong kagamitan na si Teyet Pascual (Bautista).

Kung *Art Nouveau* ang naging pangunahing inspirasyon sa pagdisenyo sa tahanan ng mga Tanjosoy at *Neoclassical* naman sa tahanan ng mga Bautista, *Art Deco* naman ang estilong nasa likod ng arkitektura ng bahay ni Dr. Luis Santos na naitayo noong 1933. Si Santos ay isang doktor na naging tanyag sa Bayan ng Malolos dahil sa kaniyang naging kontribusyon noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Siya ay

anak ng mag-asawang sina Paulino Santos, isa sa mga naging Cabeza de Barangay ng Malolos noon, at Alberta Uitangcoy, ang itinuturing na pinuno ng The Women of Malolos at kinikilala sa kaniyang natatanging kontribusyon sa pakikipaglaban para sa karapatan ng mga kababaihan. Sinasabing ang nagdisenyo ng tahanang ito ay isang arkitektong nagngangalang Caudal, na tubong-Gagalangin, Tondo (Marcelino).

Dahil sa tagumpay ni Santos sa kaniyang larangan, nakapagpundar siya ng ilang kagamitan at nagawang pagandahin ang disenyo ng bahay. Ang estilong *Art Deco* ay sinasabing dinala sa Pilipinas ng mayayamang Pilipino, kabilang na si Santos. Hindi lamang ang pagiging sikat na klinika nito ang ipinagmamalaki kundi maging ang pagkakaroon ng katangi-tanging disenyong *Art Deco* na may halong estilong Filipino Sa katunayan, sinasabing iilan lamang sa Pilipinas ang mayroong ganitong uri ng estilo at ang tahanan ng mga Santos ang isa sa itinuturing na pinakamalaki at pinakamaganda (Marcelino).

Binubuo ang bahay ng dalawang palapag na yari sa bato at kahoy. Puno ito ng mga antigong kagamitan tulad ng lumang lagayan ng yelo at telebisyon. Bukod pa rito, naglalaman din ito ng mga obra tulad ng *Kundiman 1932* ni Fabian Dela Rosa. Isa ito sa mga kilalang obra ni Dela Rosa na nagpapakita ng isang babaeng nagtatanghal ng Kundiman suot ang Traje de Mestiza. Sinasalamin ng obrang ito ang kababaihan ng kanilang kapanahunan. Hindi lamang ito pagpapakita ng uri ng kababaihang mayroon ang Bulacan kundi maging ang imahen ng mga Pilipina. Ito ang Traje de Mestiza ng mga Pilipina, isang bagay na maituturing bilang pamanang pambansa.

Ang buong tahanan ay binabalot din ng balanseng pagsasama ng mga ukit at pinta. Bawat sulok nito ay kakikitaan ng mga ukit sa heometrikong padron na hinango sa disenyo ng kanluraning mitolohiya. Mayroon ding makukulay na stained glass na may imahe ng mga diwata, diyos, at diyosa. Isa sa maipagmamalaki ng bahay ay ang kisame at banyo nito na dinisenyo ng Pambansang Alagad ng Sining na si Fernando Amorsolo. Makikita rin sa loob ng tahanan ang naipreserbang mga antigong aklat tungkol sa pag-aaral ng optomolohiya na inuwi ni Santos sa Pilipinas mula sa ibang bansa. Mayroon din itong kontribusyon sa Agham, sa medisina, na nagpapatunay lamang na mayroong kabihasnan sa larangan ng medisina sa bayan ng Bulacan.

Kapansin-pansin din sa harap ng bahay ang isang fountain na nililok ng isa pang Pambansang Alagad ng Sining na si Guillermo Tolentino. Mayroon itong disenyo ng mga nimpa at bulaklak na ilan sa mga katangian ng *Art Deco*. Bagama't may impluwensiya ng banyagang estilo tulad ng *Art Deco* at *Art Nouveau*, kapansin-

pansin pa rin ang pagkakaroon ng tatlong antigong bahay ng disenyong masasabing maka-Pilipino o ang tinatawag nina Elizabeth Reyes na *Philippine style architecture*. Naging kasangkapan din ang mga antigong bahay na ito bilang bantayog ng mga obrang maituturing na pambansang yaman.

Ang espasyo ng mga antigong bahay sa Malolos ay representasyon ng kanilang pamanang pambayan na sadyang umiigpaw patungo sa pambansang katuturan - ang saysay ng bahay sa kasaysayan ng bayan ng Malolos at sa katuturan at/o kahulugan nito sa bansa. Maiuugnay ito sa sinasabi ni Lico na integral na papel ng arkitektura sa pagbubuo ng pambansang identidad:

> Sa antas kultural, ang isang estado na binabatayan ng teritoryo ay dapat mapanatili ang kanyang pagkakakilanlan at paghawak nito sa sariling kasaysayan. Ang mga simbolikong tanda ng mga lugar, ang pagpapanatili ng mga simbolo ng pagkilala, at ang pagpapahayag ng kolektibong alaala ay mga pangunahing paraan kung saan nabubuo ang pagkakakilanlan ng mga espasyo at lugar. (sariling salin; *Edifice Complex* 152)

Kung gayon, tumitindig ang estetikal na aspekto ng mga antigong bahay hindi lamang bilang pamanang pangkultura kundi mahalagang bahagi rin ng pagbubuo ng ating kolektibong identidad mula Malolos patungo sa pambansang pagkakakilanlan. Isang indikasyon ang mga arkitekturang ito ng malalim na pagpapahalaga sa sining, gayundin ng kasiningang mayroon ang mga Pilipino, partikular na ang mga Malolenyo noon pa man.

Masisipat mula sa panloob at panlabas na disenyo at mga kagamitan ng tatlong antigong bahay na bagaman hiniram mula sa banyagang estilo ang estruktura ng mga ito, nangingibabaw pa rin ang mga likhang sining ng mga Pilipinong manlilikha na higit na nagpapatingkad sa pagka-Pilipino nito. Gayundin, ang mga likhang sining na ito na nananahan sa tatlong antigong bahay sa Malolos ay maikokonsidera din bilang isang legasiya. Hindi na lamang ito pamanang pambayan bilang bahagi ng Malolos kundi tumatagos na rin sa antas ng pamanang pambansa. Samakatuwid, sinasalamin din ng estetikang ito ang kultura at kaakuhan natin bilang mga Pilipino.

## Ang Arkitekturang Malolos Bilang Simbolismong Politikal

Mayroong mga pagkakataon na ang isang lugar o espasyo ay naikakabit sa isang pangyayari o naituturing bilang representasyon ng isang natatanging pagkakataon. Isang klasikong halimbawa na maaari nating tingnan ay ang ginampanang papel ng kahabaan ng EDSA sa ating kasaysayan bilang espasyo ng pagpiglas at paglaya.

Dito pumapasok ang sinasabi ni Cabalfin na pagkakaiba ng 'lugar' at 'lulan' kaugnay ng usapin ng penomenon ng espasyo:

> Ang pagtatakda ng lugar ay isang penomenon kung saan gumagamit tayo ng iba't ibang materyales at elemento upang ipakita na ang isang lugar ay mahalaga sa atin. Mahalaga dito ang konsepto ng 'lunan' laban sa 'lugar'. Ang 'lugar' ay tumutukoy sa partikular na espasyo, subalit kapag ito ay naging 'lunan', nangangahulugang may partikular na kabuluhan ang espasyo. Nagiging bukod-tangi ang lunan sa ibang lugar dahil sa halagang iginagawad natin dito. Samakatuwid, lahat ng 'lunan' ay 'lugar', subalit hindi lahat ng 'lugar' ay 'lunan'... Mahalaga ang mga ito, hindi lamang bilang mga pisikal na istruktura, kundi, sa mas mataas na antas, bilang mga istruktura ng gunita *(memory stuctures*). Sa pag-unawa ng mga *memory structures* na ito, pinapatingkad natin ang operasyon ng paggawad ng gunita at ala-ala bilang mahalagang puwersa sa pagbubuo ng arkitektura. (45)

Kung gayon, katulad ng EDSA, ang arkitektura ay maaaring ituring bilang lunan ng isang penomenon o natatanging pangyayari. Nakabatay ito sa kung paanong inaalala ng mga tao ang isang partikular na espasyo. Kung susuriin ang mga antigong bahay sa Malolos, maaari itong ituring bilang espasyong politikal lalo na kung ikokonsidera ang naging papel nito sa ating kasaysayan noong panahon ng pananakop ng mga Kastila, Amerikano, at Hapones. Tatalakayin sa bahaging ito kung paanong naging lulan ng mga politikal na pangyayari ang tatlong sinuring antigong bahay sa Malolos, Bulacan. Titingnan din kung paanong ipinakikita ng paraan ng pagkakabuo ng mga arkitekturang ito ang kalagayan at tunggalian ng mga antas ng lipunan noon katulad ng binabanggit ni Lico (*Edifice Complex* 21).

Sinasabing may lahing Tsino ang ninuno ng mga Tanjosoy na naglakbay sa Pilipinas para magnegosyo. Kasabayan nila ang iba pang mga negosyanteng napadako sa bansa nang magbukas ang kalakalang Galeon sa Maynila. Tinatayang nasa ika-17 siglo ang petsa ng kanilang pagdating at nanirahan sa Binondo kung saan itinalaga ng mga Kastila ang mga banyagang Tsino. Gayumpaman, nagpasyang magpunta ang mga Tan-Jo-Suey (ang orihinal na apelyido ng mga Tanjosoy bago ilabas ang kautusang palitan ang pangalan ng mga Pilipino noong panahon ng pananakop ng mga Espanyol) sa Malolos dahil sa lumalagong kalakalan dito. Namalagi sila sa Baryo ng San Augustin at dito nila pinasimulan ang kanilang negosyong *buy-and-sell*. Kasama ang isa pang kaibigan at kapwa Tsino na si Tan-Tok-Chi (ang pinaniniwalaang pinagmulan ng angkan ng mga Tantoco, isa sa mga maimpluwensiya at mayamang pamilya sa Bulacan), namimili sila ng mga produkto at ibinibenta sa mas mahal na presyo. Lalong lumago ang negosyo ng

mga Tan-Jo-Suey nang simulan nila ang pagpapautang sa mga katutubo sa ilalim ng sistemang *Pacto de retroventa,* isang paraan ng pangungutang na nauso noong panahon ng pananakop ng mga Espanyol kung saan isinasanla ng umuutang ang kaniyang lupain sa kaniyang pinagkautangan. Sa oras na hindi siya makapagbayad, mapupunta ang titulo ng lupa sa nagpautang.

Panandaliang naantala ang magandang buhay ng mga Tan-Jo-Suey nang sakupin ng Britanya ang Maynila noong 1762. Nagkaroon ng dalawang gobernador-heneral ang Pilipinas: si Dawsonne Drake sa ilalim ng Imperyo ng Britanya, at si Simón de Anda y Salazar sa ilalim ng Kaharian ng Espanya. Nang makontrol nina Drake ang Maynila, lumipat ng Bulacan si Salazar upang doon magtatag ng isang Pamahalaang Panlalawigan sa ilalim ng watawat ng Kastila. Sa panahong ito, sinasabing nagkaroon ng sabwatan ang mga Ingles at Tsino laban sa mga Kastila. Kung kaya, nang matapos ang pananakop ng Britanya sa Maynila noong 1764, iniutos ng Pamahalaang Espanya na ipatapon ang mga Tsino, kabilang na ang pamilya ni Tan-Jo-Suey sa Tsina (delos Santos).

Nang pumasok ang ika-19 siglo, muling nakabalik ang apo ni Tan-Jo-Suey na si Don Pedro. Una siyang namalagi sa Binondo bago magpasyang manirahan sa Malolos. Nakapangasawa siya ng isang mestizang-Tsino na mula sa pamilya ng mga Villanueva sa Baryo ng Liang. Nagsimula siya ng negosyong tindahan hanggang sa nakapagpundar siya ng malawak na taniman ng tubo. Taong 1841, naglabas ng mahabang listahan ng mga apelyidong Kastila ang noon ay gobernador-heneral na si Narciso Clavería y Zaldúa. Iniutos niya na papiliin mula rito ang mga Pilipinong walang apelyido. Samantala, ang mga katulad naman ni Tan-Jo-Suey na mayroon nang apelyido ay pinapalitan. Mula Tan-Jo-Suey, ginawa itong Tanjosoy (delos Santos).

Dahil sa naging tagumpay sa negosyo, nakapagpatayo ng bahay na bato si Pedro Tanjosoy. Malaking bagay ito noon sapagkat magastos at mahirap kumuha ng mga kagamitan upang makabuo ng isang estrukturang yari sa bato. Tanging ang mga frayle o Kastilang opisyal lamang ang mayroong kakayahang tumira sa ganitong uri ng bahay.

Nagpatuloy ang impluwensiya ng pamilya Tanjosoy nang maging kadikit ni Don Bautista, ang kaisa-isang apo na naging tagapagmana, si dating Pangulong Emilio Aguinaldo. Sinasabi nagsimula ang ugnayang ito nang pumasok bilang katipunero si Don Antonio sa ilalim ng pamamahala ni General Isidro Torres, isa sa mga naging katiwala ni dating Pangulong Aguinaldo (Cañete). Sa katunayan, hinirang din siya ni Aguinaldo bilang *Ayudente de ocampo* o kanang kamay nito sa Malolos. Kaya naman, isang kuwarto sa bahay ni Don Bautista ang sadyang nakalaan para kay

Aguinaldo. Dito pansamantalang umuuwi ang dating pangulo sa tuwing hindi niya gustong mamalagi sa kumbento ng Malolos. Mayroong apat na poste ang kama na nilagyan ng kulambong puti. Ang nasabing kama ay buo pa rin at makikita sa tahanang ng mga Tanjosoy hanggang sa kasalukuyan (delos Santos).

Bukod sa nakalaang kama, patunay rin sa malalim na pagkakaibigan nina Don Antonio at Aguinaldo ang agilang may dobleng ulo o *double-headed eagle* na inukit sa bato at makikita sa taas ng pinto ng kanilang tahanan. Ang palamuting ito na detalyado at sopistikado ang pagkakaukit ng dalawang ulo ng agila ay ibinigay bilang regalo ng dating pangulo kay Don Antonio. Isang karangalan noon na magkaroon ng ganito sa bahay sapagkat tanging ang mayayaman, edukado, at malalapit lamang sa pamahalaang España ang pinagkakalooban nito. Kapansin-pansin din ang mga iniingatang kubyertos sa tahanan ng mga Tanjosoy na mayroong magaganda at madetalyeng disenyo. Tinitingnan ito noon bilang representasyon ng katayuan sa buhay sapagkat tanging ang mayayaman lamang ang mayroong ganitong klaseng kagamitan sa bahay.

Sa kabuuan, ang Tahanan ng mga Tanjosoy ay hindi lamang hahangaan sa taglay nitong kagandahan kundi maging sa mga kuwento at kasaysayang nakapaloob dito partikular na usaping politikal. Naging batayan ito ng taas ng antas ng pamumuhay ng panahon ng mga Espanyol at naging simbolismo ng impluwensiya ng Pamilya Tanjosoy, hindi lamang bilang mga panginoong maylupa kung hindi maging sa politikal na pigura sa bayan. Isang patunay rito ang pagdalaw sa kanilang tahanan ni dating Pangulong Ferdinand Marcos noong nangangampanya siya para sa pagkapangulo. Malaking bagay ito sapagkat tanging ang mga makapangyarihang pamilya lamang ang sinasadyang bisitahin ng mga kandidato (delos Santos).

Katulad ng Tahanan ng mga Tanjosoy, nagkaroon din ng malaking papel ang Tahanan ng mga Bautista noong panahon ng pananakop ng mga Kastila. Noong 1892, isa ang tahanan ni Don Jose Bautista sa mga dinalaw ng pambansang bayani na si Dr. Jose Rizal upang himukin itong magtatag ng *La Liga Filipina* sa Malolos. Gayumpaman, ilang araw lamang ang lumipas, agad na inaresto si Rizal ng mga Kastila nang mabatid ang patungkol sa kaniyang plano. Ipinaaalala ito ng isang ipinintang larawan na matatagpuan sa Caida o salas ng bahay (Cañete).

Nang mailipat ang pamahalaan ni dating Pangulong Emilio Aguinaldo sa Malolos, nagkaroon ng mahalagang papel dito ang tahanan ng mga Bautista. Nagsilbi ito bilang punong tanggapan ng Ministerio de Fomento o Ministry of Interior Affairs mula Enero hanggang Marso 1899 (Cañete). Ito rin ang isa sa mga ginamit bilang lugar ng pagtitipon para sa Kongreso ng Malolos. Nang mamatay si Don Bautista, ipinagamit ang bahay bilang pansamantalang munisipyo ng Malolos. Nang maglaon, muli itong pinaokupahan bilang paaralan ng mga madreng Aleman.

Ito ang unang Immaculata Academy of Malolos. Nang sakupin ang Pilipinas ng mga Hapon, ginamit ang tahanan ng mga Bautista bilang kuwartel ng mga sundalong Hapon.

Ang pagdalaw at pananahan ng mga prominenteng tauhan sa mga tahanan sa Malolos ay isang palatandaan na mayroong mahalagang ugnayan, pakikisangkot, at mga alaala ang nabuo ng mga nakasaksi sa kasaysayan ng bayan. Patunay ito na ang mga pook sa Bulacan, partikular na ang mga prominenteng tahanan na tinatalakay ay mayroong katuturan bilang pamana para sa mga Bulakenyo at para sa mamamayan ng buong bansa.

Kaugnay nito, ang mahahalagang personalidad at/o pangyayaring naganap sa mga espasyong ito ay hindi lamang maikakahon sa pagpapahalagang historikal kundi pagtanaw din sa binuong simbolismo ng mga antigong bahay, partikular na sa ating mahabang kasaysayan ng pakikibaka. Sabi nga ni Lico, "kapwa may mga ideolohikal na epekto ang disenyong urban at arkitektura, bilang nag-oorganisa ang mga ito ng espasyo at naglalatag ng kahulugan sa itinatag na kapaligiran upang mapanatili ang mga ugnayan ng paghahari" (sariling salin; *Edifice Complex* 127). Bahagi ang mga antigong bahay na ito sa naging espasyo ng paggigiit at pagpiglas ng pamahalaan ni Aguinaldo laban sa tangkang pananakop ng mga Amerikano. Ang ganitong pagtanaw sa papel ng arkitektura kaugnay sa relasyon nito sa politika at kasaysayan ng isang nasyon ay masisipat din nagdaang imperyo ng Roma, pasismo sa Italya, at pag-usbong ng Nazi sa Alemanya (Lico, *Edifice Complex* 131).

Bukod sa historikal at politikal na ambag ng antigong bahay, mapapansin din sa tahanan na ito ang mga solidong poste na yari sa puno ng Molave. Mababakas dito na noon pa man, nakapag-aangkat na ng ganitong klaseng kahoy ang ilang Malolenyo, na tanging ang mga uring principalia lamang ang may kakayahang makabili. Ang mga posteng ito ay may taas na umaabot sa dalawampung talampakan hanggang dalawampu't walong talampakan. Tinitingnan noon ang mga posteng ito bilang simbolo ng estado sa lipunan. Kapag maraming poste, mas mataaas ang antas ng pamumuhay (Bautista).

Samantala, binabalot din ng pinturang pula at mabubulaklak na disenyo ang dingding at kisame ng tahanan. Kalimitang pumapaloob sa tema ng *Goddess of Harvest* ang disenyong nakaukit dito. Sumisimbolo ito sa pagiging agrikultural na bayan ng Malolos. Ito rin ang nagpapakita ng masaganang negosyo ng palay at asukal ng pamilya Bautista. Kinikilala sila at ang pamilya Tanjosoy bilang mga panginoong maylupa. Pag-aari nila ang halos 3,500 ektaryang lupain sa Malolos at anim na libong ektarya pa sa mga karatig-bayan.

Nakilala naman ang Tahanan ng mga Santos dahil sa naging ambag ni Santos sa bayan ng Malolos. Ginamit niya ang kaniyang tahanan bilang pagamutan. Dito niya isinasagawa ang mga operasyon sa katarata at *appendectomy,* maging ang pagpapaanak. Nang magsimula ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, binuksan niya ang kaniyang tahanan bilang ospital ng mga sugatang sibilyan, gerilya, at sundalong Hapon. Wala siyang anumang pinanigang pangkat. Sa halip, bukas-palad niyang inalok ang kaniyang kakayahang makapanggamot. Ito marahil ang dahilan kung bakit hindi nadamay sa anumang pinsala ang kaniyang tahanan. Isa rin ito sa naging tahanan ng mga *Kababaihan ng Malolos,* isang kilusan na kinilala dahil sa kanilang natatanging kontribusyon sa pakikipaglaban para sa karapatan ng mga kababaihan, partikular na ng Malolenyo. Pinamumunuan ito ng ina ni Santos na si Donya Alberta Uitangcoy.

Kung sisipatin ang kasaysayan ng tatlong antigong bahay, masasabing hindi lamang ito kakamanghaan dahil sa taglay nitong kagandahan pagdating sa disenyo o estilo. Sa halip, maituturing din ito bilang espasyong politikal mula sa pagiging lugar ng pagtitipon ng mga kilusan tulad ng *La Liga Filipina* at *mga Kababaihan ng Malolos*; tuluyan ng mga matataas na opisyal tulad ni dating Pangulong Aguinaldo at ng mga sundalong Hapon; hanggang sa pagiging pagamutan noong panahon ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Naging repleksiyon din ang mga tahanang ito sa estado ng lipunan, partikular na sa pananakop noon ng mga Kastila. Ito ang binabanggit nina Elizabeth Reyes na masasabing batayan sa proseso ng pagpapatayo ng bahay noon. Mayroon silang pagpapahalaga sa detalye ng tahanan at sa mga materyales na gagamitin sapagkat sinasalamin nito ang kanilang katayuan sa buhay. Maaari itong iugnay sa sinasabi ni Cabalfin na konsepto ng arkitektura bilang dinamika ng kapangyarihan. Sa kaniyang paliwanag:

> Ang *power relations* o ang ugnayan ng mga entidad sa isa't isa ayon sa usapin ng naghaharing-uri at ang nasasakupan ay isang masalimuot na usapin pa rin. Sa pamamagitan ng kritikal na lapit na ito, muling nakikita ang arkitektura hindi bilang isang neutral na kaban. Sa pagkilala ng arkitektura bilang ganito, mas umiigpaw ang kaganapan kung paano ang isang entidad o grupo ng tao ay napapasailalim sa kapangyarihan ng ibang tao at ang nagiging manipestasyon nito sa pisikal na mga kaayusan . . . . Sa usapin ng kapangyarihan, dapat nating isipin hindi lamang kung paano ang arkitektura ay nagiging kasangkapan ng panunupil, kundi, sa mas mahalaga pa ring pagkakataon, kung paano ito ay nagiging kasangkapan ng rekuperasyon at pagliligtas. Bukod sa pagpapataw ng kapangyarihan at kaayusan, mahalaga ding makita kung paano ang tao ay lumalaban at nakikipagtunggali sa puwersang mapanupil. Samakatuwid, ang arkitektura ay sabay na nagsisilbi bilang instrumento ng panunupil at pakikibaka. (48–50)

Sinesegunduhan ito ng talakay ni Lico kaugnay sa katotohanan na ang arkitektura ay hindi maaaring ituring bilang neutral na espasyo. Lagi itong may kaakibat na ideolohiya at/o pagpapakahulugang nakaugat sa kasaysayan nito. Ayon nga sa kanya, Ang mga kumbensiyong arkitektural ay gumagana nang palihim sa loob ng isang sistemang may kaugnayan sa kapangyarihan (Lico, *Edifice Complex* 4). Kung kaya mababanggit ni Lico sa kanyang teksto ang Marxistang pananaw hinggil sa pagsipat sa espasyo bilang kapital. Ang pagkakaiba sa paraan ng produksiyon nito ay lumilikha ng panlipunang estruktura. Batay sa mga materyal na ginamit sa pagbuo ng mga antigong bahay sa Malolos, malinaw nitong sinasalamin ang estadong kinabibilangan ng mga may-ari, gayundin ang tunggalian panlipunang nangingibabaw noon.

## Ang Arkitekturang Malolos Bilang Salamin ng Ideolohiya ng Lipunang Pilipino

Tatalakayin naman sa bahaging ito ang mga ideolohiya ng lipunang Pilipino na makikita sa mga sinuring antigong bagay. Magandang simulan ito sa pamamagitan ng konseptong inilahad nina Cabalfin at Lico tungkol sa arkitektura bilang pamamaraan ng pagbibigay ng kahulugan. Sa pananaw ni Cabalfin, mayroong sistema ng signipikasyon na maaaring makita sa isang arkitektura. Kung gayon, ang arkitektura ay maituturing bilang kaganapan ng kahulugan (48). Sa kabilang banda, iniuugnay naman ni Lico sa pagbuo ng kuwento ang arkitektura dahil sa mga pagpapakahulugang nilalaman ng bawat detalye sa pagdidisenyo nito (*Edifice Complex* 17). Sa ganitong diwa, nagiging kasangkapan ang isang arkitektura hindi lamang bilang kanlungan ng kasaysayan at taglay na kasiningan ng mga taong naninirahan dito kundi sisidlan din ng mga ideolohiya, paniniwala, at pagpapahalaga natin bilang mga Pilipino. Ayon nga kay Augusto Villalon, ang mga arkitekturang ito ang rekord hindi lamang ng ating kasaysayan, kundi maging ng ating sibilisasyon (Casucian). Tatalakayin sa bahaging ito kung paanong sinasalamin ng mga antigong bahay na ito ang iba't ibang ideolohiyang Pilipino na mababanaag pa rin hanggang sa kasalukuyan.

### *Pagkiling sa Kaisipang Banyaga*

Makikita rin ang pagkiling ng mga Pilipino sa pamantayang pambanyaga sa paghango ng mga antigong bahay sa makakanlurang estilo tulad ng *Art Nouveau* na nagmula sa Pransya at *Art Deco* na galing naman sa Amerika. Bagama't kakikitaan pa rin ang mga antigong bahay ng estilong maka-Pilipino na binabanggit nina Elizabeth Reyes, lutang pa rin ang impluwensiya ng disenyong banyaga. Mula sa pintang makikita sa kisame at pader, estilo ng barandilya at mga iskultura, pawang mga hango ito sa dayuhang modelo o mitolohiya. Maaari itong maipaliwanag ng

naging pag-aaral ni Cabalfin sa estilo ng *Art Deco* sa Pilipinas. Ayon sa kaniya, ang *Art Deco* sa bansa ay maituturing na manipestasyon ng kapangyarihan ng mga nagdaang pananakop. Ito marahil ang isa sa mga rason kung bakit kahit mahigit isang siglo na nating tinatamasa ang pambansang soberanya, nananatili pa rin tayong nakatali sa kaisipang kolonyal. Hindi man direktang nakikita, nakatanim na sa ating diwa at kamalayan ang pagtingin sa likhang banyaga bilang modelo at nakahihigit na disenyo. Kaya naman, hanggang sa kasalukuyan, iilan lamang ang mga bahay o mga estrukturang makikitaan talaga ng disenyo at mga gamit na maka-Pilipino. Bukod pa, masasalamin din sa mga antigong bahay ang paniniwalang Tsino na mababakas pa rin hanggang sa kasalukuyan. Kabilang dito ang paniniwala na mahalagang nagtatapos sa bilang na "oro" o ginto ang baitang ng mga hagdan ng mga tahanan. Kaya naman hanggang ngayon, karamihan sa mga estruktura at bahay sa bansa ay makikitaan pa rin ng impluwensiya ng paniniwalang Tsino. Isa na rito ang hindi paglalagay ng ikalabintatlong palapag sa isang gusali sapagkat sinasabing maaari itong magdala ng kamalasan.

## *Ang Hirarkiya at Tunggalian sa Lipunang Pilipino*

Bukod sa pagkiling sa disenyong impluwensiyado ng dayuhan, sinasalamin din nito ang hirarkiya at tunggalian sa lipunang Pilipino. Sinisimbolo ng paraan ng pagkakatayo at mga kagamitang nakapaloob dito ang puwang na mayroon sa pagitan ng mayayaman at mahihirap noon. Isang halimbawa na lamang ang pagpapatayo ng bahay na yari sa bato. Itinuturing na malaking bagay ito noon sapagkat mahal at mahirap makakuha ng mga kagamitan para sa ganitong uri ng estruktura. Kaya naman, tanging mga prayle at Kastilang opisyal ang kalimitang may kakayahang makapagpatayo nito. Kung hindi man, ang mga Pilipino lamang din tulad ng pamilya Bautista at Tanjosoy, na kapwa itinuturing na mga panginoong maylupa. Bukod dito, maaari ring tingnan ang mga katago-tagong kubyertos na matatagpuan sa tahanan ng mga Tanjosoy. Mayroon itong magaganda at madetalyeng disenyo. Itinuturing itong simbolo ng katayuan sa buhay sapagkat tanging ang mayayaman lamang ang mayroong ganitong uri ng kagamitan sa kanilang tahanan.

Bukod dito, naging simbolismo rin ng kapangyarihan ang mga antigong bahay, gayundin ang mga kasangkapan at dekorasyong nakapaloob dito. Kabilang sa mga palamuti na nagsisilbing tanda ng kapangyarihan noong panahon ng mga Kastila ay ang double-headed eagle na matatagpuan sa tahanan ni Don Antonio Bautista. Tanging ang mga impluwensiyal na pamilya lamang ang napagkakalooban ng ganitong klase ng regalo.

## Paglalagom

Nasipat mula sa naging pagsusuri kung paanong sinasalamin ng tatlong antigong bahay sa Malolos ang estetika, politika, at ideolohiyang Pilipino. Ang mga tahanang ito ay sadyang muhon ng lahing Malolenyo at nagpapakilala sa kung anong uri ng pamumuhay at pakikipag-ugnay sa pamayanan ang mayroon sila. Nakapaloob sa kamalayan ng mga henerasyong nanirahan sa tatlong antigong tahanan ang kanilang pagpapahalaga sa sining at mga katutubong materyal na matatagpuan sa loob at labas ng bayan, na sadyang maituturing bilang pambayan at pambansang pamana. Ang mga pamamahay na ito ay mayaman sa mga detalye at kagamitang mayroong silbi at kahulugan, gaya ng mga simbolismo sa mga tarangkahan, atip, bulwagan, balkonahe, mga silid, at maging sa hardin, at ang mga kagamitang gaya ng aparador, almaryo, lansena, butaka, eskritoryo, at iba pa.

Ang mga tahanang ito ay nagpapakilala sa mga nanirahan sa bawat paglipas ng panahon. Palatandaan ito ng kanilang identidad bilang Malolenyo at kanila itong itinuturing bilang mahalagang bahagi ng kanilang pamayanan at kasaysayan. Higit sa lahat, tumatagos ang halaga ng mga tahanang ito hindi lamang sa probinsiya ng Bulacan kundi maging sa sinasabi nina Cabalfin at Lico na pagbubuo ng ating pambansang pagkakilanlan. Ang produksiyon at pagdidisenyo nito ay bahagi rin ng ating kuwento at kasaysayan bilang nasyon. Ika nga ni Lico, ang pagpapakilala sa sariling identidad ay pagtukoy rin sa pinagmulang lugar at pag-iral ng isang indibidwal (*Edifice Complex* 10). Ang espasyo ay hindi lamang basta inookupa kundi nagsisilbing integral na bahagi rin ng ating pag-iral at pag-unlad bilang mga indibidwal.

Isang panimulang pagtatangka lamang ang saliksik na ito sa mas malawak na proyektong susuri sa mga antigong bahay sa Malolos. Kaya naman, inaasahan na sa mga susunod na papel, magagamit din bilang lente ng pagsusuri ang iba pang mga iskolar sa Arkitekturang Filipino bukod kina Cabalfin at Lico, gayundin ang pagsipat sa iba pang mga antigong bahay na kabilang sa Historical Town Center. Mayroon ding mga panghinaharap na pagtatangka ang mga mananaliksik na sipatin maging ang mga makasaysayang estruktura na matatagpuan naman sa Bisayas at Mindanao upang tingnan kung paano naipakikita rito ang identidad at kaisipang Pilipino.

## MGA SANGGUNIAN

Aronson, Arnold, et. al. *Architect of Dreams: The Theatrical Vision of Joseph Urban*. Miriam and Ira D. Wallach Art Gallery, Columbia University, 2000.

Bautista, Basilidez. Pakikipanayam Ukol sa Tahanan ng mga Bautista. 20 Mayo 2018. Personal na panayam.

Benedicto, Bobby. "Queer Space in the Ruins of Dictatorship Architecture." *Social Text* vol. 31, no. 4, 2013, 25-47 Duke UP.

Bigornia, Mike. *Ang Kalakalang Galleon (Mulang Maynila Hanggang Acapulco)*. Aklat Adarna Kasaysayan, 1981.

Cabalfin, Edson Roy. *Art Deco Filipino: Power, Politics, and Ideology in Philippine Art Deco Architectures (1928 –1941)*. 2003. U of Cincinnati, PhD dissertation.

———. "Bahay Kubo as Iconography: Representing the Vernacular and the Nation in Philippine Post-War Architectures." *Fabrications: The Journal of the Society Architectural Historians, Australia and New Zealand* vol. 30, no. 1, 2020. pp. 44-67 doi.org/10.1080/10331867.2020.1721054.

———. "Pagbalangkas sa Arkitekturang Filipino: Alternatibong Kritikal na Tema sa Historyograpiyang Arkitektural." *Humanities Diliman* vol. 1, no. 2, 2000, pp. 31-55.

Cañete, Ruben. "Enduring Legacies: The Bautista and Santos Ancestral Houses of Malolos." *BluPrint*, 20 May 2020, bluprint.onemega.com/bautista-santos-ancestral-houses-malolos/.

Castañeda, Dominador. *Art in the Philippines*. University of the Philippines Office of Research Coordination Publishers, 1963.

Casucian, Jiselle Anne. "Heritage can help achieve a sense of normalcy." *The Varsitarian*, 29 May 2020, varsitarian.net/circle/20200529/heritage-can-help-achieve-a-sense-of-normalcy.

Delos Santos, Loreto. Personal na Panayam. 27 Abril 2018.

Dy, Ivan Man. "Malolos: Revolutionaries, empanadas & Art Deco." *Philstar*, 12 Aug. 2017, www.philstar.com/lifestyle/travel-and-tourism/2017/08/12/1728260/malolos-revolutionaries-empanadas-art-deco.

Fish, Shirley. *When Britain Ruled the Philippines, 1762–1764: The Story of the 18th Century British Invasion of the Philippines During the Seven Years War*. 1stBooks Library, 2003.

Fisher, Saul. "Philosophy of Architecture." *The Stanford Encyclopedia of Philosophy*. Winter 2016 ed., plato.stanford.edu/entries/architecture/.

Foucault, Michel. *Discipline and Punishment: The Birth of the Prison*. Vintage Books, 1997.

Hankey, Wayne J. "Aquinas, Plato, and Neoplatonism." *The Oxford Handbook of Aquinas*, edited by Brian Davies, Oxford UP, 2012, pp. 55–64.

Javellana, Rene, et. al. *Filipino Style*. Tuttle Publishing, 2004.

Jeffries, Stuart. "A dwelling for the gods." *The Guardian*, 5 Jan. 2020, www.theguardian.com/books/2002/jan/05/arts.highereducation.

Jernegan, Prescott. *A Short History of the Philippines, for use in the Philippine Schools*. D. Appleton and Company, 1905.

Kant, Immanuel. *Critique of the Power of Judgment*. edited by Paul Guyer, translated by Paul Guyer and Eric Matthews, Cambridge UP, 2000.

Kim, Young-hoon, and Sooyoung Lim. "A Study on the Vernacular Architecture in Bahay na bato, Spanish Colonial Style in Philippines." *KIEAE Journal* vol. 13, no. 3, 2013, pp. 135–44, dx.i.org/10.12813/kieae.2013.13.3.135.

Klebes, Martin. *Wittgenstein's Novels*. Routledge, 2006.

Laya, Jaime C., et. al. *Philippine Heritage Homes*. Anvil Publishing, 2014.

Lico, Gerard. *Arkitekturang Filipino: A History of Architecture and Urbanism in the Philippines*. U of the Philippines P, 2008.

———. *Edifice Complex: Power, Myth, and Marcos State Architecture*. Ateneo de Manila UP, 2003.

Marcelino, Roly. Personal na Panayam. 6 Hun. 2018.

McGeown, Kate. "People Power at 25: Long Road to Philippine democracy." *BBC News*, 25 Feb. 2011, www.bbc.com/news/world-asia-pacific-12567320.

Ogura, Nobuyuki, et. al. "Modern Architecture in the Philippines and the Quest for Filipino Style." *Journal of Asian Architecture and Building Engineering,* vol. 1, no. 2, 2002, pp. 233–38.

Reyes, Elizabeth, and Luca Tetteni. *Philippine Style: Design and Architecture*. Anvil Publishing, 2013.

Valdez, Euden. "Finally, the recognition Isabelo Tampinco deserves." *Manila Times*. 24 Aug. 2014, www.manilatimes.net/finally-recognition-isabelo-tampinco-deserves/121106/.

Villalon, Augusto. "Assuming Stewardship of our Heritage." *Balangkas: A Resource Book on the Care of Built Heritage in the Philippines*. National Commission for Culture and the Arts, Committee on Monuments and Sites, 2007.

______________

**Luis Alfonso M. Arcega** (luis_arcega@dlsu.edu.ph) finished his Bachelor of Arts in Philippine Studies, major in Filipino in Mass Media degree at De La Salle University, Manila. From being the chairperson of their Sangguniang Kabataan in his barangay, he is now a councilor in the lone district of Malolos, Bulacan.

**Christopher Bryan A. Concha** (christopher.concha@dlsu.edu.ph) is an assistant professorial lecturer in the Filipino Department of De La Salle University, Manila, where he finished his Bachelor of Arts in Philippine Studies majoring in Filipino in Mass Media, Master of Arts in Philippine Studies, and is currently pursuing his PhD in Philippine Studies.

**Ernesto V. Carandang II** (ernesto.carandang@dlsu.edu.ph) is currently a full professor in the Filipino Department of De La Salle University, Manila. Among his works are *Angkan ni Eba* (UST Publishing House, 2005), *Lahi ni Adan* (UST Publishing House, 2007), and *Mga Kuwentong Lagalag* (NCCA Ubod Writers Series).